## MGA INTENSYONG PAMPANALANGIN NG SANTO PAPA
## NA IPINAGKAKATIWALA SA KANYANG PANDAIGDIGANG LAMBAT-PANALANGIN
## PARA SA TAONG 2026

### ENERO

**Para sa Pagdarasal Gamit ang Salita ng Diyos**

Ipagdasal natin na maging tunay na pagkaing ikinabubuhay natin ang pagdarasal gamit ang Salita ng Diyos, at maging bukal nawa ito ng pag-asa para sa ating mga komunidad na tumutulong sa ating magbuo ng mas pangkapatiran at misyonereng Simbahan.

### FEBRERO

**Para sa mga Batang May Sakit na Walang Lunas**

Ipagdasal natin na ang mga batang may sakit na walang lunas, ay makatanggap ng kailangan nilang pag-alagang medical at suporta at nawa'y kailanman ay di mawalan ng lakas at pag-asa.

### MARSO

**Para sa *Disarmament* at Kapayapaan**

Ipagdasal natin na sumulong na ang mga bansa tungo sa epektibong disarmament, partikular na ang pagwaksi sa mga armas na nuclear, at piliin ng mga pinuno ng mundo ang landas ng diyalogo at diplomasya sa halip na karahasan.

### ABRIL

**Para sa Mga Pari na Dumaraan sa Krisis**

Ipagdasal natin ang mga pari na dumaranas ng mga sandali ng krisis sa kanilang bokasyon, na tumanggap sila ng kailangang pag-agapay at nawa suportahan, unawain at ipanalangin sila ng mga komunidad.

### MAYO

**Para May Pagkain ang Lahat**

Ipagdasal natin na ang lahat, mula sa malalaking prodyuser hanggang sa maliliit na mamimili, ay talagang iwasan ang pag-aaksaya ng pagkain, at tiyakin na ang lahat ay magkamit ng pagkaing de-kalidad at masustansiya.

### HUNYO

**Para sa Mabubuting Pagpapahalaga sa Sports**

Ipagdasal natin na ang sports ay maging instrumento ng kapayapaan, pakikipagkapwa-tao, at pag-dialogo sa pagitan ng mga kultura at bansa, at maitaguyod nito ang mga pagpapahalaga tulad ng paggalang, pakikiisa, at personal na pag-unlad.

## HULYO

**Para Igalang ang Buhay ng Tao**

Ipagdasal natin na igalang at protektahan ang buhay ng tao sa lahat ng mga yugto nito, na kinikilala ito bilang isang regalo mula sa Diyos.

## AGOSTO

**Para sa Ebanghelisasyon sa mga Lungsod.**

Ipagdasal natin na sa malalaking lungsod na madalas halos hindi nagkakakilala ang mga mamamayan at lubhang malungkot, makahanap nawa tayo ng mga bagong paraan upang ipahayag ang Ebanghelyo, at tuklasin ang mga malikhaing landas upang bumuo ng komunidad.

## SEPTIEMBRE

**Para sa Pag-iingat sa Tubig**

Ipagdasal natin na magkaroon ng makatarungan at napapanatiling (*sustainable*) pamamahala sa tubig, na napakahalagang pinagkukunan ng ikabubuhay natin, upang ang lahat ay magkaroon ng pantay na *access* dito.

## OCTUBRE

**Para sa Ministri alangalang sa Kalusugan ng Pag-iisip**

Ipagdasal natin na maitatag sa buong Simbahan ang ministeryo para sa kalusugan ng isip, upang tumulong na madaig ang stigma at diskriminasyon laban sa mga taong may mga sakit sa isip.

## NOVIEMBRE

**Para sa Wastong Paggamit ng Kayamanan.**

Ipagdasal natin na gamitin nang wasto ang kayamanan, upang sa di pagsuko sa tuksong maging makasarili, lagi itong ilaan sa paglilingkod sa ikabubuti ng lahat at sa pakikiisa sa mga kapos-palad.

## DISYEMBRE

**Para sa mga Pamilyang Iisa ang Magulang**

Ipagdasal natin ang mga pamilyang dumaranas ng pagkawala ng nanay o tatay, na makatanggap sila ng suporta at pag-agapay sa Simbahan at, sa sa mga panahon ng kahirapan, tulungan at palakasin nawa sila ng ating pananampalataya.

**Leo XIV**
Vatikano, Hulyo 1, 2025
*Original: Italian*